### Itakda ang telepono na alertuhan ka sa mga piling araw ng linggo.

Piliin ang **Pag-ulit:**.

### Isapersonal ang tunog ng alarma

Piliin ang **Tono ng alarma:**.

### Itakda ang panahon ng pag-time-out para sa pag-snooze ng alerto

Piliin ang **Snooze time-out:**.

### Itigil ang alarma

Piliin ang **Itigil.**

Kung hahayaan mong patuloy na patutunugin ng telepono ang alarma nang isang minuto o piliin ang **I-snooze**, titigil ang alarma para sa panahon ng pag-time-out sa pag-snooze, pagkatapos ay magpapatuloy.

### Kalendaryo at listahan ng dapat gawin

Piliin ang **Menu > Organisiser > Kalendaryo**. Ang kasalukuyang araw ay naka-frame. Kung may anumang mga tala na nakatakda para sa araw, ang araw ay naka-bold.

### Magdagdag ng tala sa kalendaryo

Mag-scroll sa petsa, at piliin ang **Opsyon > Gumawa ng tala.**

### Tingnan ang mga detalye ng tala

Mag-scroll sa isang tala, at piliin ang **Tingnan.**

### Tanggalin ang lahat tala mula sa kalendaryo

Piliin ang **Opsyon > Tanggalin mga tala > Lahat ng mga tala.**

### Upang tingnan ang listahan ng gagawin

Piliin ang **Menu > Organisiser > Lista ng gawain.**

Ipinapakita ang listahan ng gagawin at nakaayos ayon sa prayoridad. Upang magdagdag, magtanggap, o magpadala ng tala, upang markahan ang tala na tapos na, o upang pagsunud-sunurin ang listahan ng gagawin ayon sa deadline, piliin ang **Opsyon**.

## Mga mapa

Maaari kang mag-browse ng mga mapa sa ibat-ibang lungsod at bansa, maghanap sa mga address at mga nahihiligang lugar, magplano ng mga ruta mula sa isang lokasyon papunta sa iba pa, mag-save ng mga lokasyon bilang landmarks, at ipadala ang mga ito sa mga kabagay na aparato.

Halos lahat ng digital na pagmamapa ay hindi tumpak at hindi kumpleto sa ilang saklaw. Huwag lamang umasa sa pagmamapa na nai-download mo para maggamit sa aparatong ito.

**Paalala:** Maaaring kasama ang paghahatid ng malalaking data (serbisyo ng network) ang pag-download ng nilalaman tulad ng mga mapa, imahe ng satellite, mga file ng boses, patnubay o impormasyon ng trapiko.

Nililikha ng mga ikatlong partido ang nilalaman tulad ng mga imahe ng satellite, mga gabay, impormasyon sa panahon at trapiko na hindi kaugnay sa Nokia. Maaaring hindi tumpak ang nilalaman at hindi kumpleto sa ilang bahagi at sasailalim sa pagkakaroon. Huwag kainlanman umasa lamang sa unang nabanggit na nilalaman at mga kaugnay na serbisyo.

Upang gamitin ang application ng Mga mapa, piliin ang **Menu > Maps** at mula sa mga magagamit na opsyon.

### Mag-download ng mga mapa

Maaaring magtaglay ang iyong telepono ng mga naka-pre-install na mapa sa memory card. Maaari kang mag-download ng bagong set ng mga mapa sa pamamagitan ng internet gamit ang PC software na Nokia Map Loader.

#### Nokia Map Loader

Upang i-download ang Nokia Map Loader sa iyong PC at para sa higit pang mga tagubilin, tingnan ang [www.maps.nokia.com](http://www.maps.nokia.com).

Bago ka mag-download ng mga bagong mapa sa unang pagkakataon, tiyakin na mayroon kang memory card na nakapasok sa telepono.

Piliin ang **Menu > Maps** upang magsagawa ng inisyal na kumpigurasyon.

Upang palitan ang mga pagpipilian na mapa sa iyong memory card, gamitin ang Nokia Map Loader upang tanggalin lahat ng mapa sa memory card at mag-download ng bagong pagpipilian, upang tiyakin na ang lahat ng mapa ay mula sa parehong lathala.

#### Serbisyong mapa ng network

Maaari mong itakda ang iyong telepono na awtomatikong mag-download ng mga mapa na wala ka sa iyong telepono kapag kailangan.

Piliin ang **Menu > Maps > Mga setting > Setting ng network > Pygan gmt ng netwkw > Oo o ang Sa home network.**

Upang iwasan ang awtomatikong pag-download ng mga mapa, piliin ang **Hindi**.

**Paalala:** Maaaring kasama ang paghahatid ng malalaking data (serbisyo ng network) ang pag-download ng nilalaman tulad ng mga mapa, imahe ng satellite, mga file ng boses, patnubay o impormasyon ng trapiko.

### **Mga Mapa and GPS**

Walang panloob na antenna na GPS ang iyong aparato. Upang gumamit ng mga application na kinakailangan ng koneksyon ng GPS, gumamit ng kabagay na panlabas na GPS receiver (ibinebenta nang hiwalay ang accessory). Ipares ang GPS receiver sa iyong aparato gamit ang teknolohiyang wireless ng Bluetooth. Para sa higit na impormasyon, tingnan ang patnubay sa gumagamit ng GPS receiver.

Maaari mong magamit ang Global Positioning System (GPS) upang suportahan ang application na Mga Mapa. Hanapin ang kinaroroonan mo o sukatin ang mga distansya at mga marka sa mapa.

Pagkatapos na ipares ang iyong aparato sa isang panlabas na GPS receiver, maaari itong tumagal nang ilang minuto para i-display ng aparato ang kasalukuyang lokasyon.

Ang Global Positioning System (GPS) ay pinapaandar ng pamahalaan ng Estados Unidos, ang mananagot lamang para sa katumpakan at pagpapanatili nito. Ang katumpakan ng data ng lokasyon ay maaaring maapektuhan ng mga pagbabago sa mga GPS satellite na ginawa ng pamahalaan ng Estados Unidos at maaaring baguhin sa patakaran sa GPS ng sibilyan ng United States Department of Defense at ng Federal Radionavigation Plan. Ang katumpakan ay maaari ring maapektuhan ng mahinang satellite geometry. Ang kakayahang magamit at kalidad ng mga signal ng GPS ay maaaring maapektuhan ng iyong lokasyon, mga gusali, natural na sagabal, at kondisyon ng panahon. Maaaring walang mga signal ng GPS sa loob ng mga gusali o underground at maaaring pahinain ng mga materyal tulad ng semento at metal.

Hindi dapat gamitin ang GPS para sa eksaktong sukat ng lokasyon, at hindi ka dapat umasa lamang sa data ng lokasyon mula sa GPS receiver at mga network ng cellular radio para sa pagpoposisyon o navigation.

### **Mga ekstrang serbisyo**

Maaari mong i-upgrade ang Mga Mapa nang may lubos na voice-guided na pag-navigate, na nangailangan ng pang-rehiyong lisensya.

Upang gamitin ang serbisyonang ito, kailangan mo ng katugmang panlabas na GPS na aparato na sumusuporta sa wireless na teknolohiyang Bluetooth.

Upang makabili ng serbisyo sa pag-navigate nang may gabay ng boses, piliin ang **Menu > Maps > Ekstrang serbisyo > Bumili ng navigation**, at sundin ang mga tagubilin.

Upang magamit ang pag-navigate na gabay ng boses, dapat mong hayaang gumamit ng network connection ang Mga Mapa na application.

Konektado sa iyong SIM card ang lisensya sa pag-navigate. Kung ipapasok mo ang isa pang SIM card sa iyong telepono, sasabihan kang bumili ng lisensya kapag nagsisimula ng pag-navigate. Habang isinasagawa ang pamamaraan sa pagbili, aalukin kang ilipat ang umiiral na lisensya sa pag-navigate sa bagong SIM card nang walang karagdagang singil.

## Web o Internet

Maaari mong i-access ang iba't-ibang mga serbisyo sa internet sa pamamagitan ng browser ng iyong telepono. Ang hitsura ng mga web page ay maaaring mag-iba dahil sa laki ng screen. Maaaring hindi mo makikita ang lahat ng mga detalye sa web page.

Depende sa iyong telepono, ang pagpapaandar na pag-browse sa web ay maaaring maipakita bilang Web o Internet sa menu, pagkatapos nito nai-refer bilang isang Web.

**Mahalaga:** Gamitin ang mga serbisyo na pinagkakatiwalaan mo at nag-aalay ng sapat na seguridad at proteksyon laban sa nakakapinsalang software.

Para sa kakayahang magamit ng mga serbisyong ito, pagpepresyo, at tagubilin makipag-ugnay sa iyong service provider.

Maaari kang makatanggap ng mga setting sa pagsasaayos na kinakailangan para sa pag-browse bilang isang mensahe sa pagsasaayos mula sa iyong service provider.

### Kumonekta sa isang serbisyo sa web

Piliin ang **Menu > Web > Home. 0**, sa standby mode, pindutin at diinan ang **0**.

Pagkatapos mong makagawa ng koneksyon sa serbisyo, maaari kang magsimulang mag-browse sa mga pahina nito. Maaaring mag-iba ang function ng mga key ng telepono sa magkakaibang serbisyo. Sundin ang mga patnubay sa text na nasa display ng telepono. Para sa higt na impormasyon, makipag-uganyan sa iyong service provider.

## **Mga serbisyong SIM**

Ang iyong SIM card ay maaaring magkaloob ng mga karagdagang serbisyo. Maaari mong mapuntahan ang menu na ito kung ito ay sinusuportahan lamang ng iyong SIM card. Ang pangalan at mga nilalaman ng menu ay depende sa mga serbisyong nandito.

## Mga green tip



Narito ang mga tip kung papaano ka makapag-aambag sa pagprotekta sa kapaligiran.

### Magtipid ng kuryente

Kapag ganap mo nang nai-charge ang baterya at naalis sa pagkakabit ang charger sa aparato, tandaan na bunutin din ang charger mula sa saksakan sa pader.

Hindi mo kailangang i-charge ang iyong baterya nang napakadalas kung gagawin mo ang sumusunod:

- Isara at huwag paganahin ang mga application, serbisyo, at mga koneksyon kapag hindi mo ginagamit ang mga ito.
- Bawasan ang kaliwanagan ng screen.
- Itakda ang aparato na pumaloob sa mode na nakapagtipid ng power pagkatapos ng pinakamaikling panahon nang hindi ginagamit, kung magagamit sa iyong telepono.
- Huwag paganahin ang mga hindi kailangang mga tunog, tulad ng mga tunog ng keypad. Itakda ang volume ng iyong aparato sa antas na katamtaman.

### Mag-recycle

Natandaan mo ba na i-recycle ang luma mong aparato? Maaaring mai-recycle ang 65-80% ng mga materyales sa isang mobile phone na Nokia. Palaging ibalik ang iyong mga gamit nang produktong elektroniko, mga baterya, at mga materyales sa pagpapakete sa isang nakalaang lugar ng pangongolekta. Sa paggawa nito, tutulungan mong maiwasan ang hindi kontroladong pagtatapon ng basura at itataguyod ang pagre-recycle ng mga materyales. Tingnan kung papaanong i-recycle ang mga produkto mong Nokia sa [www.nokia.com/werecycle](http://www.nokia.com/werecycle) o [www.nokia.mobi/werecycle](http://www.nokia.mobi/werecycle).

Maaari mong i-recycle ang pagpapakete at mga patnubay sa gumagamit sa iyong lokal na sistema ng pagre-recycle.

### Alamin ang higit pa

Para sa higit na impormasyon sa mga katangiang pangkapaligiran ng iyong aparato, tingnan ang [www.nokia.com/ecodeclaration](http://www.nokia.com/ecodeclaration).

## Mga accessory

### Mga orihinal na accessory ng Nokia

#### Babalala:

Gumamit lamang ng mga baterya, charger, at accessory na inaprobahan ng Nokia para gamitin sa partikular na modelong ito. Ang paggamit ng ibang mga klase ay maaaring magpawalang-bisa sa anumang pag-aproba o garantiya, at maaaring mapanganib. Sa partikular, maaaring magdulot ang paggamit ng hindi naaprobahang charger o baterya ng peligro ng sunog, pagsabog, pagtagas, o ibang panganib.

Para sa pagkakaroon ng mga naaprobahang accessory, alamin sa iyong dealer.



Nakalaan ang ekstensibong hanay ng mga accessory para sa iyong aparato. Para sa higit na mga detalye, tingnan ang [www.nokia-asia.com/accessories](http://www.nokia-asia.com/accessories).

#### Mga tuntuning praktikal tungkol sa mga accessory

- Itago ang lahat ng mga accessory at enhancement sa maaabot ng maliliit na bata.
- Kapag tinatangal mo ang kurdon ng kuryente ng anumang accessory, hawakan at hilahin ang plug, hindi ang kurdon.
- Suriin nang regular na ang mga accessory ay nakainstall sa sasakyan ay nakakabit at wastong tumatakbo.
- Ang pag-install ng anumang masalimuot na mga accessory ng kotse ay dapat na gawin ng kuwalipikadong tauhan lamang.

#### Baterya

Uri	Oras ng pakikipag-usap	Standby
BL-5C	Hanggang sa 170 minuto (WCDMA/GSM)	Hanggang sa 350 oras (WCDMA/GSM)

**Mahalaga:** Ang mga oras ng pakikipag-usap at stand-by ng baterya ay mga tantiya at posible lamang sa ilalim ng pinakamagandang mga kondisyon ng network. Ang aktuwal na oras ng pagkikipag-usap at standby nakasalalay sa mga SIM card, ginamit na mga tampok, kalumaan at kalagayan ng

baterya, mga temperatura kung saan nalantad ang baterya, mga kundisyon ng network, at maraming iba pang mga kadahilanan, at maaaring kapansin-pansing mas maikli kaysa yaong tinukoy sa itaas. Kukunsumo rin sa baterya ang mga ringing tone, walang hawak na pagtawag, paggamit sa mode na digital, at iba pang mga tampok, at ang dami ng oras na ginagamit para sa mga tawag ay aapekto sa oras ng stand-by. Gayundin ang tagal ng panahon na nakabukas ang aparato at nasa standby mode ay makakaapekto sa tagal ng panahon na magagamit ito para sa pakikipag-usap.

#### Baterya

##### Impormasyon ng baterya at charger

Ang iyong aparato ay pinatakbong isang bateryang muling nakakargahan. Ang inilaang baterya para magamit sa aparatong ito ay BL-5C. Maaaring gumawa ang Nokia ng karagdagang mga modelo ng baterya na magagamit sa aparatong ito. Ang aparatong ito ay inilaang gamitin kapag natutusan ng kuryente mula sa mga sumusunod na charger: AC-3. Ang eksaktong numero ng modelo ng charger ay maaaring mag-iba depende sa uri ng plug. Ang uri ng plug ay kinikilala ng isa sa sumusunod: E, EB, X, AR, U, A, C, K, o UB.

Ang baterya ay maaaring makargahan at diskargahan nang daan-daang mga beses, ngunit ito rin ay masisira paglaan. Kapag ang mga oras ng pakikipag-usap at standby ay kapansin-pansing mas maikli sa karaniwan, palitan ang baterya. Gumamit ng mga baterya lamang na inaprobahan ng Nokia, at muling kargahan ang iyong baterya ng mga charger na inaprobahan ng Nokia at itinalaga para sa kagamitang ito.

Kung ginagamit ang isang baterya sa unang pagkakataon o kung ang baterya ay hindi nagamit sa isang napakahabang panahon, maaaring kailanganing ikonekta ang charger, pagkatapos ay tangalin ito sa pagkakakonekta at muling ikonekta upang masimulan ang pagkakarga ng baterya. Kung ang baterya ay ganap na nawalan ng karga, maaaring tumagal ng ilang mga minuto bago lumitaw ang tagapagpahiwatig ng pagkakarga sa display o bago makagawa ng isang tawag.

Ligtas na pag-alis. Laging isara ang aparato, at idiskonekta ang charger bago alisin ang baterya.

Wastong pag-charge. Hugutin ang charger mula sa saksakan ukol sa koryente at mula sa aparato kapag hindi ginagamit. Huwag iiwan ang isang lubos na nakargahang baterya na nakakabit sa isang charger, dahil ang sobrang pagkarga ay maaaring magpaikli sa buhay nito. Kung iiwang hindi ginagamit, ang bateryang lubos na kinargahan ay manghihina rin sa tagal ng panahon.

Iwasan ang mga sukdulang temperatura. Laging sikaping panatilihin ang baterya sa pagitan ng 15°C at 25°C (59°F at 77°F). Ang labis na temperatura ay nakakabawas sa

kapasidad at buhay ng baterya. Ang isang aparato na may isang mainit o malamig na baterya ay maaaring hindi gumana pansamantala. Ang pagganap ng baterya ay partikular na limitado sa mga temperatura na lubhang maginaw.

Huwag i-short circuit. Ang aksidenteng short circuit ay maaaring mangyari kapag ang metalikong bagay tulad ng barya, klip, o panulat ay naging sanhi ng deretsong kuneksyon ng positibo (+) at negatibong (-) mga terminal ng baterya. (Ang mga ito ay anyong mga piraso ng metal sa baterya.) Ito ay maaaring mangyari, halimbawa, kapag nagdadala ka ng ekstrang baterya sa iyong bulsa o pitaka. Ang pag-short circuit ng mga terminal ay maaaring makapinsala sa baterya o sa bagay na ikinukunekta.

Pagtatapon. Huwag itatapon ang mga baterya sa apoy dahil maaaring sumabog ang mga ito. Itapon ang mga baterya alinsunod sa mga lokal na regulasyon. Mangyaring iresaykel hangga't maari. Huwag itapon bilang basura sa bahay.

Pagtagas. Huwag kalasin, gupitin, buksan, durugin, baliin, tusukin, o gayatin ang mga cell o baterya. Sa kaganapang pagtagas ng baterya, iwasasang madikit ang likido ng baterya sa balat o mga mata. Kapag nangayari ito, agad na hugasan ang mga apektadong bahagi ng tubig, o humingi ng tulong medikal.

Pinsala. Huwag baguhin, imanupakturang muli, tangkaing magpasok ng mga ligaw na bagay sa baterya, o ilubog o ilantad sa tubig o iba pang mga likido. Maaari sumabog ang mga baterya kung nasira.

Tamang paggamit. Gamitin lamang ang baterya para sa sinasadyang layunin. Ang hindi wastong paggamit ng baterya ay maaaring magresulta sa isang sunog, pagsabog, o iba pang panganib. Kapag nahulog ang aparato o baterya, lalo na sa isang matigas na lapag, at naniwala kang ang baterya ay napinsala, dalhin ito sa service center para mainspeksyon bago ito gamiting muli. Huwag gagamit ng anumang charger o baterya na may pinsala. Itago ang iyong baterya sa hindi naaabot ng mga maliliit na bata.

### **Pangangalaga ng iyong aparato**

Ang iyong aparato ay isang produktong may superyor na disenyo at pagkakayari at dapat na alagaan. Ang mga sumusunod na mungkahi ay makakatulong sa iyo na protektahan ang iyong warranty coverage.

- Panatilihing tuyo ang aparato. Maaaring naglalaman ng mga mineral na makatutunaw ng mga electronic

circuit ang ulan, kahalumigmigan, at lahat ng uri ng mga likido o pagkamamasa-masa. Kung mabasa ang iyong aparato, tanggalin ang baterya, at hayaang ganap na matuyo ang aparato bago palitan ito.

- Huwag gagamitin o iimbak ang aparato sa maalikabok, maruruming lugar. Maaaring masira ang mga gumagalaw at elektronikong bahagi nito.
- Huwag ilagay ang aparato sa mainit o malamig na temperatura. Maaaring paikliin ng matataas na temperatura ang buhay ng mga aparatong elektronikong, makasira sa mga baterya, at pakulubutin o tunawin ang ilang mga plastik. Kapag umiinit ang aparato sa normal na temperatura nito mula sa malamig na temperatura, maaaring mabuo ang halumigmig sa loob ng aparato at masira ang elektronikong circuit boards.
- Huwag tatangkaing buksan ang aparato bukod sa itinagubilin sa patnubay na ito.
- Huwag ibabagsak, pupukukin o alugin ang aparato. Ang di-maingat na paghawak ay maaaring makasira sa panloob ng circuit boards at pinong mechanics.
- Huwag gumamit ng mga mababagsik na kemikal, panlinis na solvent, o matatapan na detergent upang linisin ang aparato. Gumamit lang ng malambot, malinis, tuyong basahan upang linisin ang pang-ibabaw ng aparato.
- Huwag pintahan ang aparato. Maaaring mabarahan ng pintura ang mga bahaging gumagalaw at mapigilan ang wastong pagpapatakbo.
- Gamitin lamang ang ipinagkaloob o naaprobahang pamalit na antenna. Ang mga di-awtorisadong antenna, modipikasyon, o mga pangkabit ay maaaring makasira sa aparato at maaaring lumalabag sa mga regulasyon na sumasaklaw sa mga aparatong de-radyo.
- Gamitin ang mga charger sa loob ng mga gusali.
- I-backup ang lahat ng data na gusto mong itago, tulad ng mga contact at mga tala sa kalendaryo.
- Upang i-reset ang aparato paminsan-minsan para sa pinakamainam na pagganap, patayin ang aparato at alisin ang baterya.

Ang mga mungkahing ito ay parehong lalapat sa iyong aparato, baterya, charger o anumang accessory.

### **Recycle**

Palaging ibalik ang iyong mga gamit na produktong elektronikong, baterya, at mga materyales sa pagpapakete sa nakalawang mga lugar ng koleksyon. Sa paraang ito nakatutulong kang maiwasan ang hindi kontroladong pagtatapon ng basura at maitaguyod ang pagre-recycle ng mga materyales. Tingnan ang impormasyong pangkapaligiran ng produkto at kung papaano i-recycle ang

iyong mga produktong Nokia sa [www.nokia.com/wecycle](http://www.nokia.com/wecycle), o [nokia.mobi/wecycle](http://nokia.mobi/wecycle).

### **Karagdagang impormasyong pangkaligtasan**

Malaya-sa-pilak ang panlabas ng aparatong ito.

#### **Mga maliliit na bata**

Hindi mga laruan ang iyong aparato at mga accessory nito. Maaaring maglamang ng maliliit na piyesa ang mga ito. Ilayo ang mga ito sa naaabot ng maliliit na bata.

#### **Kapaligiran sa pagpapatakbo**

Natutugunan ng aparatong ito ang mga alituntunin sa pagkakatantanan sa RF sa normal na posisyon ng paggamit sa tainga o kahit 2.2 centimetres (7/8 inch) ang layo mula sa katawan. Hindi dapat nagtataglay ng metal ang anumang carry case, belt clip, o panghawak para sa pagpapaandar na isinusuot sa katawan at dapat iposisyon ang aparato sa naisaad sa itaas na distansya mula sa iyong katawan.

Kinakailangan nang kalidad na koneksyon sa network upang makapagapadala ng mga data file o mga mensahe. Maaaring maantala ang mga data file o mensahe hanggang sa magagamit ang gayong koneksyon. Sundin ang mga tagubilin sa layo ng pagkakahiwalay hanggang sa makumpleto ang paghahatid.

Ang mga bahagi ng aparato ay magnetic. Ang mga metal na materyales ay maaaring mahatak sa aparato. Huwag ilagay ang mga credit card o ibang media na magnetikong imbakan na malapit sa aparato, dahil maaaring mabura ang impormasyon na nakaimbak sa mga ito.

#### **Mga aparatong medikal**

Maaaring makagambala ang pagpapaandar ng kagamitang nagta-transmit ng radyo, kabilang ang mga wireless na telepono sa pag-function ng mga hindi sapat na naproteksyunang mga aparatong medikal. Komunsulta ng manggagamot o ang gumagawa ng aparatong medikal upang tukuyin kung ang mga ito ay sapat na napananggalan mula sa panlabas na enerhiyang RF. I-switch off ang iyong aparato kapag tinatagubilinan ka ng mga nakapaskil na regulasyon na gawin. Maaaring gumamit ang mga hospital o mga pasilidad ng health care ng kagamitan na sensitibo sa panlabas na enerhiyang RF.

#### **Mga naitanim na aparatong pang-medikal**

Inirekumenda ng mga gumagawa ng mga aparatong medikal ang 15.3 sentimetro (6 na pulgada) na pinakamaikling pagkakatayo sa pagitan ng aparato at ng naka-implant na aparatong medikal, tulad ng isang pacemaker o naka-implant na cardioverter defibrillator, upang maiwasan ang potensyal na pagkagambala sa aparatong medikal. Ang mga taong may ganoong mga aparato ay dapat:

- Palaging ilayo ang aparatong wireless nang higit sa 15.3 sentimetro (6 na pulgada) mula sa aparatong medikal.
- Huwag ilalagay ang aparato sa balsa sa dibdib.
- Hawakan ang aparatong wireless sa tainga pasalungat sa aparatong medikal.
- I-turn off ang aparatong wireless kung may anumang kadahilanan upang maghinala na nagaganap ang ang pagkagambala.
- Sundin ang mga direksyon ng gumagawa para sa naka-implant na aparatong medikal.

Kung mayroong kang anumang mga katanungan tungkol sa paggamit ng iyong aparatong wireless sa isang naitanim na aparatong pang-medikal, kumunsulta sa iyong health care provider.

### Mga hearing aid

Ang ilang aparatong digital wireless ay maaaring makagambala sa ilang mga hearing aid.

### Mga sasakyan

Maaaring maapektuhan ng mga signal ng RF ang mga hindi wastong nai-install o hindi sapat na mga napananggalang sistema ng elektroniko sa mga sasakyang de-motor tulad ng electronic fuel injection, electronic antilock braking, electronic speed control, at air bag systems. Para sa higit na impormasyon, alamin sa gumagawa ng iyong sasakyan o kagamitan nito.

Tanging kwalipikadong tauhan ang dapat na gumawa sa aparato o mag-install ng aparato sa sasakyan. Maaaring mapanganib ang may depektong pag-i-install o pagkumpuni at maaaring magpawalang-bisa ang iyong garantiya. Suriin nang regular na ang lahat ng kagamitang wireless na aparato sa iyong sasakyan ay nakakabit at tumatakbo nang wasto. Huwag mag-imbak o magdala ng mga nagliliyab na likido, mga gas, o mga materyales na sumasabog sa parehong compartment ng aparato, mga piyesa nito, o mga accessory. Tandaan na lumolobo ang mga air bag sa pamamagitan ng matinding puwersa. Huwag ilagay ang aparato o mga accessory sa lugar ng labasan ng air bag.

Isarado ang iyong aparato bago sumakay sa sasakyang panghimpapawid. Maaaring mapanganib ang paggamit ng mga wireless na teledevice sa sasakyang panghimpapawid sa pagpapatakbo ng sasakyang panghimpapawid at maaaring ilegal.

### Mga kapaligirang potensyal na sumasabog

I-switch off ang iyong aparato sa anumang lugar na may atmosperang potensyal na sumasabog. Sundin ang lahat ng mga tagubilin. Maaaring maging sanhi ng pagsabog o sunog ang mga pagkikislap sa gayong mga lugar na magreresulta sa pinsala sa katawan o kamatayan. I-switch off ang aparato sa

mga lugar ng pagkagambala tulad ng malapit sa mga pambomba ng gas at mga istasyon ng serbisyo. Sumunod sa mga paglilimita sa mga fuel depot, imbakan, at mga lugar ng pamamahagi; planta ng kemikal; o kung saan kasalukuyang isinasagawa ang mga operasyong pagpapasabog. Mga lugar na may potensyal na sumasabog na atmospera ay madalas, ngunit hindi parati, ay maliwanag na namamarkahan. Isinasama nila ang mga lugar kung saan ay aabisuhan ka na patayin ang makina ng iyong sasakyan, ialim ng kubyerta ng mga bangka, mga pasilidad sa pagpasalin ng kemikal o imbakan at kung saan nagtataglay ang hangin ng mga kemikal o mga partikulo tulad ng butil, alikabok o mga pulbos na metal. Dapat mong alamin sa mga gumagawa ng mga sasakyan na gumagamit ng liquefied petroleum gas (tulad ng propane o butane) upang tukuyin kung ang aparatong ito ay ligtas na magagamit sa kanilang kinaroonan.

### Mga tawag na pang-emergency

**Mahalaga:** Ang aparatong ito ay nagpapatakbo gamit ang mga signal ng radyo, mga wireless network, mga landline network, at mga nagpapaandar ng programang-ginagamit. Kung ang iyong aparato ay sumusuporta sa mga boses na tawag sa internet (tawag sa internet), isaakto ang parehong mga tawag sa internet at ang cellular phone. Maaaring tangkain ng aparato na gumawa ng mga tawag na emergency sa kapuwa mga cellular network at sa pamamagitan ng iyong provider ng internet na tawag kung kapuwa inakto. Ang mga koneksyon sa lahat ng mga kondisyon ay hindi matutupad. Hindi ka dapat umasa lamang sa anumang wireless na aparato para sa pinakamahalagang mga pag-uusap tulad ng mga emergency na pang-medikal.

Upang gumawa ng tawag na emergency:

- 1 Kung hindi nakabukas ang aparato, buksan ito. Suriin para sa sapat na lakas ng signal. Depende sa iyong aparato, maaari mo rin kailanganin na makumpleto ang sumusunod:
  - Kung ang iyong aparato ay gumagamit ng isa, ipasok ang SIM card.
  - Alisin ang tiyak na mga pagrerenda sa tawag mo na maaaring maging aktibo sa iyong aparato.
  - Palitan ang iyong profile mula sa profile na Offline o Flight sa isang aktibong profile.
- 2 Pindutin ang end key nang maraming beses kung kinakailangan upang i-clear ang display at ihanda na ang aparato para sa mga tawag.
- 3 Ipasok ang opisyal na numero na pang-emergency para sa iyong kasalukuyang kinalalagayan. Ang mga numero ng pang-emergency ay nag-iiba ayon sa lokasyon.
- 4 Pindutin ang pindutan ng tawag.

Kapag gumagawa ng isang tawag na pang-emergency, ibigay lahat ang kinakailangan na impormasyon nang

kasing-wasto hangga't maaari. Maaaring ang iyong aparatong wireless ang tanging paraan ng komunikasyon sa pinangyarihan ng isang aksidente. Huwag tapusin ang tawag hanggang hindi pa nagbibigay ng permiso na gawin ito.

### **Impormasyon Sa Sertipikasyon (SAR)**

**Nakatutungan sa mga alituntunin para sa pagkakatandang sa mga radio wave ang aparatong mobile na ito.**

Ang iyong aparatong mobile ay isang transmitter at tagatanggap. Dinisenyo ito upang hindi lumagpas sa mga limitasyon para sa pagkakatandang sa radio waves na inirerekuminda ng pandaigdigang mga alituntunin. Ang mga alituntunin na ito ay binuo ng malayang siyentipikong samahan ng ICNIRP at kasama ang mga palugit pangkaligtasan na dinisenyo upang siguruhin ang proteksyon ng lahat ng mga tao, walang pagtatangi sa edad at kalusugan.

Gumagamit ang mga alituntunin para sa mga aparatong mobile ng isang yunit ng sukat na kilala bilang Specific Absorption Rate o SAR. Ang limitasyon ng SAR na nakasaad sa mga alituntunin ng ICNIRP ay 2.0 watt/kilogram (W/kg) na katamtamang higit sa 10 gram ng tissue. Isinasagawa ang mga pagsusulit para sa SAR gamit ang mga posisyon sa pamantayang pagpapatakbong habang nagpapahatid ang aparato, sa pinakamataas na napatunayang antas ng lakas nito, sa lahat ng mga nasubukang mga frequency band. Ang aktwal na antas ng SAR ng isang aparatong umaandar ay maaaring mas mababa sa pinakamataas na halaga sapagkat ang aparato ay idinisenyo upang magamit lamang ang kinakailangang lakas upang maabot ang network. Ang halaga ay nagbabago depende sa ilang mga kadahilanan tulad ng kung gaano ka kalapit sa isang baseng istasyon ng network.

Ang pinakamataas na halaga ng SAR sa ilalim ng ICNIRP na mga gabay para magamit ang aparato sa tainga ay 1.02 W/kg.

Maaaring magresulta sa ibat-ibang halaga ng SAR ang paggamit ng mga aksesoryo ng aparato. Ang mga halaga ng SAR ay maaari mag-iba depende sa pambansang pag-uulat at mga kinakailangang pagsubok at ang network band. Ang karagdagang impormasyon ng SAR ay maaaring nakalaan sa ilalim ng impormasyon ng produkto sa [www.nokia.com](http://www.nokia.com).

### **LIMITADONG WARRANTY NG GUMAWA**

Ang Limitadong Warranty na ito ay dagdag sa, at hindi naaapektuhan ang iyong mga ayon sa batas (statutory) na karapatan sa ilalim ng iyong mga naaangkop na pambansang batas na patungkol sa pagbebenta ng mga produkto sa mga parokyano.

Ang Nokia Corporation ("Nokia") ang siyang nagbibigay ng Limitadong Warranty na ito sa tao na siyang nakabili ng

(mga) produktong Nokia na kabilang sa pakete sa pagbebenta ("Produkto").

Ginagarantiyahan ng Nokia sa iyo na sa kabuuan ng panahon ng warranty ay ang Nokia o ang isang kumpanya sa pagkukumpuni na binigyang-kapangyarihan ng Nokia ay sa loob ng isang makatuwirang tagal ng panahon sa komersyo ay magbibigay-lunas sa mga depekto sa mga materyales, disenyo at pagkabuo nang walang singil sa pamamagitan ng pagkumpuni o, kung sakaling kinakailangan ayon sa natatanging pagpapasya ng Nokia, ay papalitan ang Produkto alinsunod sa Limitadong Warranty na ito (maliban kung iba ang itinatakda ng batas). Ang Limitadong Warranty na ito ay may-bisa at maipapatupad lamang sa bansa kung saan mo binili ang Produkto alinsunod sa kundisyon na ito ay nilayong maibenta sa bansang iyon.

### **Tagal ng Panahon ng Warranty**

Ang tagal ng panahon ng warranty ay nagsisimula sa oras ng orihinal na pagkabili ng Produkto ng unang taga-gamit. Ang Produkto ay maaaring binubuo ng maraming mga magkakaibang piyesa at ang mga magkakaibang piyesa ay maaaring saklaw ng mga magkakaibang mga tagal ng panahon ng warranty (na tutukuyin mula ngayon bilang "Tagal ng Panahon ng Warranty"). Ang mga magkakaibang Tagal ng Panahon ng Warranty ay ang:

- a) labing-dalawang (12) buwan para sa aparatong mobile at ang mga aksesoryo (maging kung ang aparatong mobile ay kasama sa pakete ng pagkabantang ng aparatong mobile o ibinenta nang hiwalay) bukod sa mga mauubos na piyesa at accessories na nakalista sa (b) at (c) sa ibaba;
- b) anim (6) na buwan para sa mga sumusunod na mauubos na piyesa at accessories: mga baterya, charger, patungon sa mesa, headset, kable at takip; at
- c) siyamnapung (90) araw para sa media kung saan ibinigay ang anumang software, hal. CD-rom, memory card.

Hangga't pinapayagan ng iyong mga pambansang batas, ang Tagal ng Panahon ng Warranty ay hindi mapapatagal o mapapanibago o di kaya'y maaapektuhan sa iba pang paraan sanhi ng sumunod na pagkabantang, pagkumpuni o pagpapalit ng Produkto. Subalit, ang (mga) piyeesang kinumpuni ay mabibigyan ng warranty sa loob ng natitirang Tagal ng Panahon ng Warranty o sa loob ng animnapung (60) araw mula sa petsa ng pagkakumpuni, alinman sa dalawa ang mas matagal.

### **Paano makakuha ng serbisyo na saklaw ng warranty.**

Kung nais mong maghambol sa ilalim ng Limitadong Warranty, maaari mong matawagan ang sentro ng tawagan o call center ng Nokia (kung saan mayroon nito at pakitandaan na ipinapataw ang mga pambansang singil sa mga tawag) at/o kung kinakailangan, ibalik ang iyong Produkto o ang

apektadong bahagi (kung hindi iyon ang siyang buong Produkto) sa isang sentro ng pangangalaga ng Nokia o sa isang itinakdang lugar ng kumpunihan ng Nokia. Ang impormasyon ukol sa mga sentro ng pangangalaga ng Nokia, mga itinakdang lugar ng kumpunihan ng Nokia at ang mga sentro ng tawagan o call centres ng Nokia ay matatagpuan sa mga lokal na web page ng Nokia kung mayroon.

Kailangan mong maibalik ang iyong Produkto o ang apektadong bahagi (kung hindi iyon ang siyang buong Produkto) sa isang sentro ng pangangalaga ng Nokia o sa isang itinakdang lugar ng kumpunihan ng Nokia bago mapaso ang Panahon ng Warranty.

Kapag nagsasampa ng habol sa ilalim ng Limitadong Warranty ay kailangan mong maipakita: a) ang Produkto (o ang apektadong bahagi nito), b) ang madaling-mabasa at hindi-nababago na orihinal na patunay ng pagkabili, na malinaw na ipinapahiwatig ang pangalan at pahatirang-sulat ng tagapagbenta, ang petsa at lugar ng pagkabili, ang uri ng produkto at ang IMEI o iba pang serial number.

Ang Limitadong Warranty na ito ay sumasaklaw lamang sa orihinal na unang tagagamit ng Produkto at hindi maitatalaga o maisasalin sa sinumang sumunod na tagabili/tagagamit.

### Ano ang hindi saklaw?

1. Ang Limitadong Warranty na ito ay hindi sumasaklaw sa mga libreto ng gumagamit o anumang software, mga setting, nilalaman, data, o link mula sa panlabas na partido, maging kung ito man ay isinama/nai-download sa Produkto, maging kung ito ay naisali habang kinakabit, binubuo, pinapadala o sa anumang iba pang panahon sa hanay ng paghahatid o kung sa pamamagitan ng anumang iba pang mga paraan na iyong nakuha. Hanggang sa pinapayagan ng (mga) naaangkop na batas, hindi ginagarantisahan ng Nokia na ang alinmang software ng Nokia ay makakatustos sa iyong mga pangangailangan, gagana nang kasabay ang anumang mga hardware o software application na idinulot ng panlabas na partido, na ang pag-andar ng software ay hindi magagambala o hindi magkakaroon ng palya o na ang anumang mga depekto sa software ay maaaring malunasan o malulunasan.

2. Ang Limitadong Warranty na ito ay hindi sumasaklaw sa a) normal na pagkalaspag at pagkasira (kabilang ang, nang walang paglilimita, ang pagkalaspag at pagkasira ng mga lente ng kamera, baterya o display), b) mga gastusin sa paglalakbay, c) mga depekto na dulot ng bruskong panghahawak (kabilang ang, nang walang paglilimita, mga depekto na sanhi ng mga matutulis na bagay, ng pagkakabaluktot, pagkakapitipit o pagkabagsak, atbp.), d) mga depekto o pinsala na dulot ng maling paggamit ng Produkto, kabilang ang paggamit na salungat sa mga tagubilin na ibinigay ng Nokia (hal. ang mga itinakda sa

gabay ng gumagamit ng Produkto ) at/o e) iba pang mga gawain na hindi saklaw ng makatuwirang pagkontrol ng Nokia.

3. Ang Limitadong Warranty na ito ay hindi sumasaklaw sa mga depekto o di-umanoy'y depekto na sanhi ng katotohanan na ang Produkto ay ginamit ng may, o kaugnay sa, isang produkto, mga accessories, software at/o pagkumpuni na hindi binuo, idinulot o pinahintulutan ng Nokia o ginamit nang bukod sa nilalayong paggamit nito. Ang mga depekto ay maaaring sanhi ng mga virus mula sa di-awtorisadong pagpasok mo o pagpasok ng panlabas na partido sa mga serbisyo, iba pang mga account, sistema ng computer o mga network. Ang di-awtorisadong panghihimasok na ito ay maaaring maisagawa sa pamamagitan ng hacking, paglinang ng password o sa pamamagitan ng iba't-iba pang mga paraan.

4. Ang Limitadong Warranty na ito ay hindi sumasaklaw sa mga depekto sa sanhi ng katotohanan na ang baterya ay nai-short circuit o sa katotohanan na ang mga selyo ng kaha ng baterya o ang mga cells ay sira o nagpapakita ng patunay ng pagbubutingting o sa katotohanan na ang baterya ay maaaring ginamit sa ibang mga kagamitan bukod sa mga inilaang paggamitan nito.

5. Ang Limitadong Warranty na ito ay hindi sumasaklaw kung ang Produkto ay binuksan, binago o kinumpuni ng sinuman bukod sa isang awtorisadong sentro sa pagkukumpuni, kung ito ay kinumpuni gamit ang mga di-awtorisadong piyesa o kapag ang serial number ng Produkto, ang mobile accessory date code o ang IMEI number ay inalis, binura, pinakialaman, binago o hindi mabasa sa anumang paraan at ito ay matutukoy ayon sa tanging pagpapasya ng Nokia.

6. Ang Limitadong Warranty na ito ay hindi sumasaklaw kung ang Produkto ay naharap sa pagkabasa, sa pagkaalinsangan o sa labis na mga kondisyon ng init/lamig o kapaligiran o sa mga mabilisang pagbabago ng ganoong mga kondisyon, sa kalawang, sa oxidation, sa pagkatapon ng pagkain o likido o mula sa impluwensya ng mga produktong kemikal.

### Iba pang mahalagang paunawa

Ang isang panlabas na partido at independenteng tagapagpaandar (operator) ang siyang nagbibigay ng SIM card at ang cellular at/o iba pang network o sistema kung saan umaandar ang Produkto. Sa gayon, walang tatanggapin na sagutin ang Nokia sa ilalim ng warranty na ito para sa pag-andar, kakayahang makakuha, pagkakasaklaw, mga serbisyo o laki ng sakop ng cellular o iba pang network o sistema. Bago pa makumpuni o mapalitan ang Produkto, kailangan mabuksan ng tagapagpaandar (operator) ang anumang SIM-lock o iba pang lock o kandado na maaaring naidagdag upang maikandado ang produkto sa isang mismong network o operator. Patungkol din dito, hindi tinatanggap ng Nokia ang anumang sagutin para sa anumang mga pagkaantala sa mga

pagkukumpuni sa ilalim ng warranty o sa kawalan o kakulangang-kakayahan ng Nokia upang makumpleto ang mga pagkukumpuni sa ilalim ng warranty na dulot ng pagkaantala o kabiguan ng tagapagpaandar (operator) na mabuksan ang anumang SIM-lock o iba pang lock o kandado.

Pakitandaan na magsagawa ng mga backup na kopya o magpanatili ng mga nakasulat na tala ng lahat ng mga mahahalagang laman at data na naka-imbak sa iyong Produkto, sapagkat ang laman at data ay maaaring mawala habang kinukumpuni o pinapalitan ang Product. Ang Nokia, sa isang paraan na alinsunod sa mga itinatakda ng bahagi na pinamagatang "Paglilimita ng Sagutin ng Nokia" sa ibaba, hanggang sa pinapayagan ng (mga) naaangkop na batas, ay sa ilalim ng anumang mga sitwasya ay hindi magkakaroon ng sagutin, maging tuwiran o di-tuwiran, para sa anumang mga pinsala o pagkawala o pagkalugi ng anumang uri na sanhi ng pagkawala ng, pinsala sa, pagkagunaw ng, nilalaman o data habang kinukumpuni o pinapalitan ang Produkto.

Ang lahat ng mga bahagi ng Produkto o ng iba pang mga kagamitan na pinalitan ng Nokia ay magiging ari-arian na ng Nokia. Kung ang ibinalik na Produkto ay natagpuang hindi saklaw ng mga tuntunin at kondisyon ng Limitadong Warranty, taglay ng Nokia at ang mga awtorisadong kumpanyang tagapagkumpuni nito na sumingil ng isang bayarin sa pangangasiwa. Kapag kinukumpuni o pinapalitan ang Produkto, ang Nokia ay maaaring gumamit ng mga produkto o piyesa na bago, katumbas ng bago, o muling pina-kundisyon.

Ang iyong Produkto ay maaaring magtaglay ng mga sangkap na angkop sa mismong bansa, tulad ng software. Kung ang Produkto ay muling inilabas mula sa orihinal na nakatakdang bansa nito papunta sa iba pang bansa, ang Produkto ay maaaring magtaglay ng ilang mga mismong sangkap na hindi maituturing na isang depekto sa ilalim ng Limitadong Warranty na ito.

#### **Paglilimita ng Sagutin ng Nokia**

Ang Limitadong Warranty na ito ay siyang iyong natatangi at eksklusibong lunas laban sa Nokia at sa natatangi at eksklusibong sagutin ng Nokia patungkol sa mga depekto sa iyong Produkto. Subalit, ang Limitadong Warranty na ito ay hindi dapat magwaksi o limitahan ang i) alinman sa iyong mga karapatan (statutory) ayon sa batas sa ilalim ng mga naaangkop na pambansang batas o ii) alinman sa iyong mga karapatan laban sa nagbenta ng Produkto.

Ang Limitadong Warranty na ito ay magpapalit sa lahat ng mga warranty at sagutin ng Nokia, maging binigkas, nakasulat, (hindi itinatakda) statutory, kontraktwal, sa pamamagitan ng kamalian o sa iba pang paraan, kabilang ang, nang walang paglilimita, at hangga't pinapayagan ng naaangkop na batas, ang anumang mga ipinapahiwatig na

kundisyon, warranty o iba pang mga tuntunin patungkol sa kasiya-siyang kalidad o kaangkupan para sa layunin. Hanggang sa pinapayagan ng (mga) naaangkop na batas ay hindi inaako ng Nokia ang anumang sagutin para sa pagkawala o pagkalugi o pinsala sa o pagkagunaw ng data, para sa anumang pagkalugi o tubo, kawalan ng silbi ng Produkto o pag-andar, kawalang-negosyo, kawalan ng mga kontrata, kawalan ng mga kita o kawalan ng mga inaasahang pag-impok, mga pag-taas sa gastusin o bayarin para sa anumang hindi-diretsahang pagkawala o pagkalugi o pinsala, idinulot na pagkawala o pagkalugi o pinsala o espesyal na pagkawala o pagkalugi o pinsala. Hanggang sa pinapayagan ng naaangkop na batas, ang sagutin ng Nokia ay malilimitahan hanggang sa halaga ng pagkabili ng Produkto. Ang mga paglilimita sa itaas ay hindi sasaklaw sa pagkamatay o anumang pagkasugat o pinsala sa tao na sanhi ng napatunayang kapabayaan ng Nokia.

#### **Mga obligasyon ayon sa pagtatakda (statutory obligations)**

Ang Limitadong Warranty na ito ay kailangang bigyang-kahulugan alinsunod sa anumang mga pagtatakda na nagpapahiwatig ng mga warranty o kondisyon sa Limitadong Warranty na ito na hindi maiwawaksi, marerendahan o mababago maliban sa isang limitadong sako. Kung may ganoong mga pagtatakda, hangga't may kakayahan ang Nokia, ay ang sagutin nito sa ilalim ng mga pagtatakda na ito ay malilimitahan sa, ayon sa pagpapasya nito, patungkol sa mga kalakal: ang pagpapalit ng mga kalakal o ang pagbibigay ng mga katumbas na kalakal, ang pagkukumpuni ng mga kalakal, pagbabayad ng gastos para sa pagpapalit ng mga kalakal o pagkuha ng mga katumbas na kalakal, o ang pagbabayad ng gastos para sa pagpapakumpuni ng kalakal; at patungkol sa mga serbisyo: ang muling pagdudulot ng mga serbisyo o ang pagbabayad para sa gastos sa muling pagdudulot ng mga serbisyo.

**Paalala:** Ang iyong Produkto ay isang sopistikadong aparatong elektroniko. Mahigpit kang hinihimok ng Nokia na sanayan ang iyong sarili sa gabay sa gumagamit at ang mga tagubilin na idinulot kasama ang at para sa Produkto. Pakitandaan din na ang Produkto ay maaaring magtaglay ng mga high precision display, mga lente ng kamera at iba pang mga ganoong piyesa, na maaaring magasagasan o mapinsala sa iba pang paraan kung hindi pinag-ingatan.

Lahat ng impormasyon ukol sa warranty, mga katangian at ispesipikasyon ng produkto ay maaaring baguhin nang walang paunawa.

Nokia Corporation

Keilalahdientie 2-4

FIN-02150 Espoo

Finland

**Indise****Mga Simbolo/Numero**

code ng seguridad	12
voice dialling	28
voice recorder	34

**A**

access code	12
-------------	----

**B**

baterya	
— pag-charge	6
browser	42

**K**

keyguard	9
kontrol ng volume	8
kumpigurasyon	29

**D**

display	25
---------	----

**E**

e-mail	21
--------	----

**G**

GPS (global positioning system)	40
GSM	11

**H**

headset	7
---------	---

**I**

IM	21
impormasyon ng suporta ng Nokia	13
instant messaging	21
internet	42

**L**

lock ng keypad	9
----------------	---

**M**

magsulat ng teksto	16
mapanghulang pagpasok ng teksto	16
memory card	5
mga application	36
mga boses na utos	28
mga key	8
mga enhancement	29
mga etting	
— oras	25
mga laro	36
Mga mapa	39
mga mapagkukunang suporta	13
mga mensaheng flash	20
mga mode ng teksto	16
Mga orihinal na accessory ng Nokia	45
mga piyesa	8
mga profile	25
mga setting	25
— factory	30
— kumpigurasyon	29
— display	25
— mga tono	25
— petsa	25
— telepono	28
mga setting ng network	11
mga shortcut	25
mga tono	25
microSD card	5
mode ng numero	16

**N**

nakasanayang pagpasok ng teksto	16
numero ng message center	19

**O**

offline mode	10
operator menu	31

**P**

pagkilala sa boses	28
--------------------	----

pagmemensahe	
— mga mensaheng audio	20
pagmemensahe sa audio	20
pag-update	
— software ng aparato	13
pag-update ng software	13
password	12
PIN	12

**S**

SIM card	5, 10
speed dialling	15

**T**

taga-ayos	37
talaan ng tawag	24
Tawag	15

**U**

UMTS	11
------	----

**W**

web	42
-----	----

PAHAYAG NG PAGSUNOD

CE 0434

Sa pamamagitan nito, ipinapahayag ng NOKIA CORPORATION na ang produktong RM-578 na ito ay sumusunod sa mga mahahalagang itinatakda at mga nauugnay na tuntunin ng Directive 1999/5/EC. Ang kopya ng Pahayag ng Pagsunod ay matatagpuan sa [http://www.nokia.com/phones/declaration\\_of\\_conformity/](http://www.nokia.com/phones/declaration_of_conformity/).

© 2009 Nokia. Nakareserba ang lahat ng karapatan.

Ang Nokia, Nokia Connecting People, at Navi ay mga tatak-pangkalakal o mga rehistradong tatak-pangkalakal ng Nokia Corporation. Ang Nokia tune ay tatak na tunog ng Nokia Corporation. Ang ibang mga pangalan ng produkto at kompanya na nabanggit dito ay maaaring mga tatak-pangkalakal ng kani-kanilang may-ari.

Ang pagkopya, paglipat, pamamahagi, o pag-iimbak ng bahagi o lahat ng mga nilalaman sa dokumentong ito sa anumang anyo nang walang paunang nakasulat na permiso ng Nokia ay ipinagbabawal. Ang Nokia ay nagpapatakbo sa patakaran na tuluy-tuloy na pagpapaunlad. Nireserba ng Nokia ang karapatan na gumawa ng mga pagbabago at pagpapabuti sa alinmang mga produktong naisalarawan sa dokumentong ito nang walang paunang abiso.



Kasama ang RSA BSAFE cryptographic o security protocol software mula sa RSA Security.



Ang Java at lahat ng markang naka-batay sa Java ay mga tatak-pangkalakal o rehistradong mga tatak-pangkalakal ng Sun Microsystems, Inc.

Ang produktong ito ay lisensiyado sa ilalim ng MPEG-4 Visual Patent Portfolio License (i) para sa personal at hindi pangkomersiyong paggamit na may kaugnayan sa impormasyon na na-encode bilang pagtalima sa MPEG-4 Visual Standard ng isang mamimili na abala sa isang personal at hindi pangkomersiyong aktibidad at (ii) para sa paggamit na may kaugnayan sa MPEG-4 video na ibinigay ng isang lisensiyadong video provider. Walang lisensiya ang igagawad o ipapahiwatig para sa anumang ibang paggamit. Maaaring makuha ang karagdagang impormasyon, kabilang

ang nauugnay sa mga paggamit sa promosiyonal, internal, at komersyo mula sa MPEG LA, LLC. Tingnan ang <http://www.mpegla.com>.

Ang mga bahagi ng Nokia Maps software ay © 1996-2009 The FreeType Project. Nakareserba ang lahat ng mga karapatan.

HANGGANG SA PINAKAMALAWAK NA HANGGANANG PINAHIHINTULUTAN NG NAAANGKOP NA BATAS, HINDI SA ANUMANG PAGKAKATAON ANG NOKIA O SINUMANG MGA TAGAPAGLISENSYA NITO AY MANANAGOT SA ANUMANG PAGKAWALA NG DATA O KITA O ANUMANG ESPESYAL, NAGKATAON, KINAHINATNAN O MGA HINDI DIREKTANG PINSALA GAANO MAN ANG NAIDULOT.

ANG MGA NILALAMAN NG DOKUMENTONG ITO AY IPINAGKAKALOOL NANG "AS IS". MALIBAN KUNG KAKAILANGANIN NG NAAANGKOP NA BATAS, WALANG GARANTIYA NG ANUMANG URI, INIHAYAG MAN O IPINAHIWATIG, KABILANG NGUNIT HINDI LIMITADO SA, MGA IPINAHIWATIG NA GARANTIYA NG PAGKAKOMERSYANTE AT KAANGKUPAN PARA SA PARTIKULAR NA LAYUNIN, AY GINAWA NA MAY KAUGNAYAN SA KATUMPAKAN, PAGKAMAASAHAHAN O MGA NILALAMAN NG DOKUMENTONG ITO. NIRESERBA NG NOKIA ANG KARAPATAN NA BAGUHIN ANG DOKUMENTONG ITO O BAWIN ITO SA ANUMANG ORAS NANG WALANG PAUNANG ABISO.

Ang pagkakaroon ng mga partikular na produkto at application at serbisyo para sa mga produktong ito ay maaaring mag-iba ayon sa rehiyon. Mangyaring alamin sa iyong Nokia dealer para sa mga detalye at pagkakaroon ng mga opsyon ng wika. Ang aparatong ito ay maaaring maglaman ng mga kalakal, teknolohiya o software na sasailalim sa mga batas at regulasyon sa pagluwas sa US at iba pang mga bansa. Ang dibersiyong laban sa batas ay ipinagbabawal.

Ang mga application na mula sa ikatlong partido na ibinigay kasama ng iyong aparato ay maaaring ginawa at maaaring pag-aari ng mga tao o mga entidad na hindi kasapi sa o may-kaugnayan sa Nokia. Hindi pag-aari ng Nokia ang mga copyright o mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa mga application ng ikatlong-partido. Dahil dito, ang Nokia ay walang anumang pananagutan para sa suporta sa end-user, pagganap ng mga application, o ang impormasyon sa mga application o sa mga materyales na ito. Ang Nokia ay hindi nagkaloob ng garantiya para sa mga ikatlong-partidong application.

SA PAMAMAGITAN NG PAGGAMIT NG MGA APPLICATION AY KINIKILALA MO NA ANG MGA APPLICATION AY IBINIBIGAY NANG "AS IS" NANG WALANG ANUMANG URI NG GARANTIYA, IPINAHAYAG O IPINAHIWATIG, HANGGANG SA SUKDULANG SAKLAW NA PINAHIHINTULUTAN NG NAAANGKOP NA BATAS. BUKOD DITO AY KINIKILALA MO NA ANG NOKIA O ANG MGA KASAPI NITO AY HINDI GUMAGAWA NG ANUMANG REPRESENTASYON O GARANTIYA, IPINAHAYAG O IPINAHIWATIG, KABILANG NGUNIT HINDI LIMITADO SA MGA GARANTIYA NG

TITULO, KAKAYAHANG MAIBENTA O KAANGKUPAN SA ISANG PARTIKULAR NA LAYUNIN O NA ANG SOFTWARE AY HINDI LALABAG SA MGA PATENTE, COPYRIGHTS, TATAK-PANGKALAKAL, MARKANG-KALAKAL O IBANG MGA KARAPATAN NG SINUMANG IKATLONG-PARTIDO.

#### PAUNAWA MULA SA FCC/INDUSTRY CANADA

Ang iyong aparato ay maaaring magdulot ng pagkagambala ng TV o radyo (halimbawa, kapag gumagamit ng telepono na masyadong malapit sa kagamitang tatanggap). Maaari kang atasan ng FCC o ng Industry Canada na itigil ang paggamit ng iyong telepono kung hindi maiaalis ang ganoong paggambala. Kung kakailanganin mo ng tulong, makipagugnayan sa iyong lokal na pasilidad ng serbisyo. Ang aparatong ito ay sumusunod sa ika- 15 na Bahagi ng mga Patakaran ng FCC. Ang pagpapatakbo ay alinsunod sa sumusunod na dalawang kundisyon: (1) ang aparatong ito ay hindi maaaring magdulot ng nakapipinsala na pagkagambala, at (2) kailangang tanggapin ng aparatong ito ang anumang matatanggap na paggambala, pati na ang pagkagambala na maaaring magdulot ng di nais na pag-andar. Ang anumang pagpapalit o pagbabago na hindi hayagang pinahintulutan ng Nokia ay maaaring magpawalang-bisa sa kapangyarihan ng gumagamit na patakubihin ang kagamitang ito.

Ang ilang mga pagpapatakbo at tampok ay nakasalalay sa SIM card at/o network, nakasalalay sa MMS, o nakasalalay sa pagkanababagay ng mga aparato at ng suportadong mga format ng nilalaman. Ang ilang mga serbisyo ay sasailalim sa magkahiwalay na singil.

Ang iyong aparato ay maaaring mayroon nang mga paunang na-install na bookmark at link para sa mga Internet site ng ikatlong-partido. Maaari mo rin mapuntahan ang iba pang mga site ng ikatlong partido sa pamamagitan ng iyong aparato. Ang mga site ng ikatlong partido ay walang kaugnayan sa Nokia, at hindi iniendorso ng Nokia o umaako ng pananagutan para sa mga ito. Kung pipiliin mong puntahan ang gayong mga site, kailangan mong mag-ingat para sa seguridad o nilalaman.

9217071/Isyu 1.1 TL